



No. 342 Setyembre 2023

Filipino Edition

Koshigaya Messenger

Ang Koshigaya Messenger ay isang multilingual monthly paper na lumalabas sa unang linggo ng buwan. Pwede itong mabasa sa website ng Koshigaya.

Koshigaya City International Affairs (KOKUSAIKA), ☎048-963-9114

City Hall Main Building - 3F, Community Activity Support Section

HP: https://www.city.koshigaya.saitama.jp/kurashi_shisei/kurashi/kokusaika/index.html



Follow us on
INSTAGRAM

Seminar para sa mga boluntaryong interpreter/translator

Kailan: Oktobre 15 (Linggo); 1:00pm - 3:00pm

Saan: Koshigaya Central Community Center - 5F, Rooms 4 - 6

Magkano: Walang bayad / libre

Nilalaman: Pangaral at workshop kung paano magsulat ng memo at tips na makakatulong sa interpretation at iba pa.

Speaker: Shibahara Tomoyuki-san

Assistant Professor, Kanda University of International Studies

Sino ang pwedeng sumali:

- 1) Mga naka-rehistro na boluntaryong interpreter/translator ng Koshigaya
 - 2) Kahit sino na may interes sa pagsasalin o maging interpreter
- *Kailangan nakatira, nagtatrabaho o nag-aaral sa Koshigaya

Ilan ang pwedeng sumali: 50 participants

Aplikasyon: Setyembre 1 - Oktobre 6; By electronic application o di kaya by phone

Mga dadalhin sa araw ng seminar: Pansulat, notebook at diksyunaryo

Impormasyon: Community Activity Support Section (SHIMIN KATSUDO SHIEN KA)
City Hall Main Building - 3F / ☎048-963-9114



Aplikasyon

Aplikasyon para sa public housing

Bakante na housing:

Kawayanagi medium-rise housing, 2K	1 bakante	Mula 2 okupante
Nishi Obukuro medium-rise housing, 2DK (Para sa seniors)	1 bakante	Mula 2 okupante

Aplikasyon: Oktobre 2 - Oktobre 21

*Ang gabay ng aplikasyon ay makukuha simula Oktobre 2 sa mga sumusunod na lugar:

City Hall	General Information Desk	Main building 1F
	Floor Guide Counter	Building 2 - 1F
	Housing & Construction Inspection Section	Main building 6F
At iba pa	Northern & Southern branches ng city hall at sa bawat community centers (tuwing office hours)	



Website

*Para sa detalye at iba pa, tingnan sa website ng Koshigaya.

Impormasyon: Saitama Housing Provision Corporation, Municipal Housing Section

☎048-829-2873 (8:30am - 5:15pm, Maliban sa Sabado, Linggo at public holidays)

Aplikasyon para sa school entrance preparation loan

Ang loan na ito ay sa paghahanda para sa Abril 2024 na pasukan sa high school at kolehiyo. Ito ay para sa mga residente ng Koshigaya na may problemang pinansyal para sa mga gastusin bago ang pasukan. Pwedeng mag-apply para sa loan ang magulang o guardian ng mga bata at pwedeng mag-apply kahit wala pa ang resulta ng entrance exam.

Tandaan: May limit sa income kung sino ang pwedeng makapag-apply.

Magkano ang pwedeng ma-loan: (max)

¥500,000 kung papasok sa high school;

¥800,000 kung papasok sa kolehiyo o university

*Ito ay walang interes at pwedeng bayaran ng hulugan sa loob ng 5 taon.

Para sa detalye makipag-ugnayan sa opisina na tumatanggap ng aplikasyon.

Aplikasyon: Oktobre 2 - 20, 2023 (1st batch) / Enero 5 - 25, 2024 (2nd batch)

*Direktang magpunta sa opisina ng Educational Affairs Section (city hall) at dalhin ang mga kinakailangan na papeles o dokumento.

Impormasyon: Educational Affairs Section (KYOIKU SOMU KA) ☎048-963-9280

City Hall Building 2 - 3F



Website

Koshigaya WAZAHAKU 2023

Ang Koshigaya Wazahaku ay isang event kung saan ang mga manggagawa ng traditional crafts, store owners at mga residente ng siyudad ay magkakaroon ng workshop o seminar kaugnay sa kanilang mga ginagawa. Isa itong oportunidad na matuto ng iba't ibang tradisyunal na technique o pamaraan na ginagamit noong unang panahon, ma-enjoy ang iba't ibang kultura ng Japan at upang makikita ang kagandahan ng siyudad.

Kailan: Oktubre 1 - Nobyembre 12

Nilalaman ng event: May higit 141 ka mga kurso na pwedeng ma-enjoy tulad ng mga event na may kaugnayan o pasok sa 6 na kategorya sa ibaba.

Aplikasyon: Simula Setyembre 1, basahin ang QR code at pumili ng kurso o event na gustong salihan.

Pagkain



Musika



Handmade/ Handicrafts



Pampa-refresh
ng isip at katawan



Pagkakaroon ng
bagong kaalaman



Ehersisyo, pagpagalaw
ng katawan at iba pa



Impormasyon: Koshigaya Community Development (MACHI ZUKURI KOSHIGAYA)

☎048-940-8676



Alamin ang katangian ng pinsala sa Koshigaya na may kaugnayan sa baha

Ang Koshigaya ay isang napakapatag na lugar at madalas na napupundo o hindi dumadaloy agad ang tubig tuwing may malakas na ulan. At dahil paparating na naman ang panahon o season ng bagyo at malakas na ulan, siguraduhin nating handa tayo sa ating mga hakbang at kakailanganin lalo na sa mga panahong ito.

Mga puntos na dapat tandaan!

- 1) Alamin ang mga dapat gawin at ang tamang oras ng paglikas.
- 2) Isiping mabuti at gumawa ng plano kung ano ang gagawin upang maging ligtas ang paglikas.
- 3) Maghanda ng pagkain, portable toilet at iba pa sa pagtugon ng anumang emergency.

Para karagdagang impormasyon o detalye, tingnan sa Koshigaya City Comprehensive Disaster Preparedness Guidebook:

Japanese Version		English, Chinese, Vietnamese and Simple Japanese Version	
------------------	---	--	---

Impormasyon: Crisis Management Office (KIKI KANRI SHITSU)
City Hall Main Building 3F, ☎ 048-963-9285

~Tomoni Aruko~



Illustrated by Saiinji



Ang pahina na ito ay nagpapa kilala ng mga sumusuporta sa proyekto kaugnay sa isang multi-kulturang pamayanan. Ang magbabahagi ngayong buwan ng Setyembre ay si Ogawa Mitsuru-san. Habang siya ay nagtuturo sa isang sekondaryang paaralan ng Koshigaya, itinayo niya ang grupo na Tabunka Kodomo Gakushu Juku. At simula nung nag retire siya noong 2012, patuloy ang kanyang pagsusuporta sa mga batang hindi wikang Hapon ang unang salita at iba pa.

Kumusta ka? Ako si Ogawa Mitsuru. Simula kung itinayo ang Tabunka Kodomo Gakushu Juku noong taon 2006. Sa ngayon, lampas na sa 300 ka mga bata ang nagpunta sa grupo upang mag-aral.

Sa taon 2003, nagkaroon ng *orientation guidance for entering high school* sa unang pagkakataon dito sa Saitama Prefecture. At dahil hindi masyadong naiintindihan ng magulang at mga batang hindi Hapon ang tungkol sa entrance test upang makapasok sa high school, gumawa ng inisyatibo ang mga nagtuturo ng Japanese language na magkakaroon ng sariling orientation guidance. Sa ngayon, may 7 lugar sa Saitama kung saan gaganapin ito. At ang orientation guidance sa eastern part ng Saitama ay ginagawa sa Koshigaya taon taon. Ngunit dahil hindi agad naiintindihan ng mga bata at magulang ang tungkol sa sistema ng pagpasok sa high school dito sa Japan kaya naitayo ang grupo na Tabunka Kodomo Gakushu Juku. Dalawang beses (ika-1 at ika-3 Sabado) lang ito sa isang buwan at siguro maliit pa rin ang naitutulong nito sa ibang bata. Ngunit, kahit papano, naging lugar na rin ito kung saan pwede nilang puntahan. At ilang taon ang nakalipas, ang kaibigan kong isa ring guro noon ay nagtayo din ng Gakushu Juku sa Soka City tuwing ika-2 at ika-4 na Sabado ng buwan. Ang main target ng grupo ay ang pagtuturo sa mga bata. Sa ngayon, tinuturuan din ng Japanese ng grupo ang mga magulang o guardian ng mga bata at ito ay halos individual teaching. Kung gusto ninyo o may kakilala kayo na gustong mag-aral ng Japanese language, sali na!

Japanese Language Classes sa Buwan ng Setyembre

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
					1 ☆Nihongo de Go!①	2 ☆Lingual Koshigaya ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
3	4	5 ☆Minna de Nihongo	6 ☆Nihongo Circle	7	8 ☆Nihongo de Go!②	9 ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu
10	11	12 ☆Minna de Nihongo	13 ☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	14	15 ☆Nihongo de Go!①	16 ☆Lingual Koshigaya ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
17	18	19 ☆Minna de Nihongo	20 ☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	21	22 ☆Nihongo de Go!②	23 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu
24	25	26 ☆Minna de Nihongo	27 ☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	28	29 Walang Pasok	30 ☆Lingual Koshigaya

Minna de Nihongo ¥500/buwan	Kailan: Tuwing Martes, 10:00 am - 12:00 noon Saan: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 5F Impormasyon: ☎ 048-989-6342 (Imaizumi-san)
Nihongo Circle ¥100/lesson *Childcare services: ¥100 (kailangan ng reserbasyon)	Kailan: Tuwing Miyerkules, 10:00 am - 12:00 noon Saan: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 4F/5F Impormasyon: ☎ 080-5405-9191 (Tanaka-san) https://koshigaya-sui-nihongo.jimdofree.com/ 
Kosumo Nihongo Salon ¥100/lesson info@tabunka-kosumo.or.jp	Kailan: Tuwing Miyerkules, 7:00 pm - 8:30 pm Saan: Hot Koshigaya, Malapit sa Kita Koshigaya station Impormasyon: ☎ 090-5347-2041 (Kojima-san) https://www.tabunka-kosumo.or.jp/ 
Nihongo de Go! ¥100/lesson	Kailan: Tuwing Biyernes, 1:30 pm - 3:30 pm Saan: ①Co-op Plaza Koshigaya ②Gamo Community Center Impormasyon: ☎ 090-5574-7070 (Takayama-san)
Lingual Koshigaya (Libre) *Mag-text bago magpunta.	Kailan: Tuwing Sabado, 10:00 am - 12:00 noon Saan: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 5F Impormasyon: ☎ 080-3478-3314 (Suzuki-san)
Tabunka Kodomo Gakushu Juku (Libre) *Tumutulong sa pag-aaral ng bata.	Kailan: Tuwing ika-1 at 3 Sabado, 1:30 pm - 3:30 pm Saan: Community Activity Support Center (Twin City, B City - 5F) Impormasyon: ☎ 090-7422-2002 (Ogawa-san)
Kosumo Kodomo Kyoshitu (Libre) *Tumutulong sa pag-aaral ng bata.	Kailan: Tuwing ika-2 at ika-3 Sabado, 1:30 pm - 4:30 pm Saan: Saitama Resona Sengendai Branch 3F, Youth Base Impormasyon: ☎ 090-8310-9522 (class in-charge) 